# Repleksiyon hinggil sa Neokolonyang Edukasyon: Neoliberalismong Indoktrinasyon Laban sa Mapagpalayang Pagtuturo at Kabatiran

**E. San Juan Jr.**
Emeritus Professor of English & Comparative Literature
University of Connecticut, USA
philcsc@gmail.com

*Kung nasa pagtutugma ng katwiran at karanasan ang katotohanan, nasa pagtutugma ng teorya at praktika ang birtud.*

***—Apolinario Mabini***

*The crisis consists in the fact that the old is dying and the new cannot be born; in this interregnum, a great variety of morbid symptoms appear.*

***—Antonio Gramsci***

Kailan lamang ipinagdiwang ang pagtatag ng unang Republika ng Filipinas sa Malolos, Bulakan, noong Hunyo 12, 1898. Ngunit nawasak iyon nang sakupin tayo ng mga tropa ng Imperyalistang U.S. mula 1899 hanggang 1946. Nakamtan ang di-umano'y kasarinlan, datapwat iyon ay "flag independence" lamang sanhi sa sapilitang pagpayag na manatili ang puwersa—militar, pang-ekonomya't pampulitika—ng U.S. sa bansa. Ang dating kolonya ay naging neokolonya, hindi post-kolonya (San Juan 2022; Woddis 1967).

Patunay rito ang pagbabalik ng mga base militar ng Washington-Pentagon. Bukod sa paggamit sa Clark Field Air Base, Subic Naval Base (na napatasik noong 1992), at iba pang kuta, nabigyan pa ng apat na bagong base ang US (DeYoung & Tan 2023, A10). Pagsuko ito sa estratehiya ng Washington-Pentagon laban sa Tsina sa napipintong away hinggil sa Taiwan, na tanggap na bahagi ng People' Republic of China. Ipinakatwiran sa panghihimasok na ito ang Visiting Forces Agreement (VFA), Enhanced Defense Cooperation Agreement, kapwa nakasalig sa 1947 U.S.-RP Military Assistance Agreement (Schirmer & Shalom 1987), na mabisang umuugit sa pamamalakad ng buong Estado, sampu ng burokrasya ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at National Police (PNP) na ginamit ng diktadurang Marcos sa panahon ng batas militar (Eadie 2005).

***Bangungot o Realidad?***

Pumayag ang Marcos-Duterte rehimen na masakop muli tayo sa gitna ng matinding kahirapang nararanasan ngayon ng mayorya: salanta ng pandemiko, kawalan ng hanapbuhay, implasyon, pagpuksang "extra-judicial" sa mga pesante, estudyante, magsasaka, aktibistang kalahok sa unyon, pahayagan, mass media, abogado, propesyonal sa iba't ibang sangay (Punongbayan 2023). Laganap ang paghihikahos ng nakararaming manggagawa't magbubukid, apektado rin ang medya-klase, kababaihan, propesyonal, at etnikong komunidad (Lumad). Umaasa lang sa remitans ng ilang milyong OFW (Overseas Filipino Workers) ang bansa na baon sa utang sa dayuhang korporasyon, sa kapangyarihang komersiyal ng kapitalismong monopolyo-pinansiyal ng U.S. at mariwasang bansa sa Kanluran.

Nakabilanggo tayo sa loob ng masibang merkado/pamilihan na dominado ng kapitalista. Ang lohika ng neoliberalismong orden ay nakatuon sa isang layon lamang: akumulasyon ng kapital/tubo. Nagbubuhat ito sa eksploytasyon ng "third world," na mga nagdaralitang bansa na dating kolonisado, ngayon ay neokonyal (tulad ng Pilipinas). Umaasa lamang sa pagtitinda ng likas-yamang iniluluwas, lalo na ang pinakaimportanteng kalakal: murang lakas-paggawa. Gipit ang bansa sanhi sa utang at "structural conditionalities" ng World Bank-IMF-WTO, na kontrolado ng U.S.

Hindi na kailangang banggitin ang kapahamakan ng interbensiyong militar: paglason sa kapaligiran, pagpatay sa mga trabahador sa loob at labas ng base (kabilang na ang paglapastangan at pagkitil tulad ng nangyari kay Jennifer Laude, isa sa maraming biktima ng imperyalistang dahas), at pagsasanay sa gawing konsumerista't asal-busabos. Masahol pa ito sa Covid-19 virus: pagsupil sa awtonomya ng komunidad at mga karapatang-pantao, pag-alipusta sa dignidad ng buong sambayanan.

Kung tutuusin, hindi pa tayo nakahulagpos sa "kuko ng agila." Ibig sabihin, hindi natin tinatamasa ang biyaya ng tunay na kasarinlan, kaunlaran, at kasaganaan bilang nagsasariling bansa. Bukod sa kawalan ng industriya at independiyenteng sandatahang-lakas, nakasadlak pa rin tayo sa pagka-alipin. Namamayani pa rin ang piyudalistikong padron ng ugnayang panlipunan, ang modelong panlipunan ng patron-kliyente, at paghahari ng olikarkiya—ang herarkiya ng panginoong may lupa, komprador at mayamang burokrata kapitalista. "Underdevelopment" ang taguri ng mga eksperto dito. Atrasado ang kalakaran ng bansa. Wala tayong malaking industriya at malawakang repormang pang-agraryo, kaya walang pambansang merkado o pamilihan na nakasandig sa industriya, na pundasyon ng malusog na negosyo, panggitnang saray, modernong sistema ng edukasyon, at masiglang kulturang pambansa. Sintomas ang pagsunod sa utos ng burgesyang Kanluranin, imitasyon ng kanilang kaisipan, "fashion," estilo-ng buhay, subordinasyon sa mga elitistang teknokrat–manedyer na taga-tangkilik ng mistipikasyon ng "colonial mentailty."

### ***Subersibong Pagsusuri***

Sa pagkakataong ito, nais kong igawi ang tanaw sa sistema ng edukasyon na isang pinakamabisang aparato sa paghubog sa malay at damdamin ng mga kababayan. Matagal nang iminungkahi ito ni Renato Constantino sa klasikong diskurso, "The Miseducation of the Filipino" (1966). Ang sumusunod ay pagmumuni sa paksaing mahalaga, ang sitwasyon ng sistema at proseso ng edukasyon, sa pamamagitan ng ilang opinyong inihayag ni Roland Simbulan sa kaniyang libro, *A Liberating Education for Filipinos* (San Juan 2018). Inilunsad iyon noong Marso 2018, sa isang bulwagan sa Unibersidad ng Pilipinas, Manila. Kaugnay nito ang ilang panukalang maaring magsilbing hamon sa pagtaguyod ng proyekto ng mapagpalayang edukasyon.

Ilang pagsipat muna sa kapaligiran ng ating diskurso. Matagal na rin kaming hindi nakabalik dito sa UP Padre Faura—di ako makapaniwala, mahigit kalahating siglo na. Magkasama kami ng kabiyak ko sa isang kurso sa "Literary Criticism" ni Prof. Leopoldo Yabes noong 1959—si Yabes ay kabilang sa makabayang pangkat na nanindigan sa kalayaang akademiko laban sa McCarthy "witch-hunt"noong panahon ng kampanya nina Magsaysay at CIA laban sa Huk (Agoncillo & Guerrero 1970, p. 542-50; Blum 2005). Iyon ay panahon ng paghahasik ng binhi ng nasyonalismong inaruga't pinagyaman nina Senador Claro Recto at Lorenzo Tanada. Sapantaha kong katatapos lamang ng debate tungkol sa Rizal Bill noon na masugid kong sinubaybayan.

Kritikal at kapana-panabik ang panahong iyon. Magugunita ang "Civil Rights struggles" sa Estados Unidos, rebolusyon sa Cuba, Vietnam, Algeria, atbp. Kasagsagan ng madugong "Cultural Revolution" sa Tsina, at lumalagablab ang apoy ng himagsikan sa Latin Amerika. Sa atin, lumalago't tumitingkad ang oposisyon sa diktadurang Marcos at mga serbidor mula sa petiburgesyang uri (tulad nina O.D. Corpuz, Leon Ma. Guerrero, Blas Ople). Nagsimula akong maging mulat nang lumahok sa anti-sektaryang kilusan sa U.P. Diliman sa panig nina Dr. Ricardo Pascual at mga kapanalig, laban sa reaksiyonaryong puwersa ng Simbahan. Sa bandang gitna ng dekada, lumahok ako sa kampanya nina Senador Recto at Tanada sa dakong hilagang Luzon kung saan hinimok kami ni Atty. Mario Alcantara na dalhin at ipaabot ang mensahe ng makabayang krusada nina Recto-Tanada sa kanayunan. Kaipala'y karugtong iyon ng aming karanasang matuto na di lubos na determinado ng konserbatibong institusyon.

Mahigit isang siglo na nang mag-aral dito ang mga magulang ko, noong circa 1931-32. Naiulat sa akin ng ina ko nakaklase nila ang mga manunulat ng dekada 1930—mga kasapi ng Philippine Writers League bago sumiklab ang Pangalawang Digmaang Pandaigdig. Itinatag ng U.S. ang Unibersidad ng Pilipinas noong 1908 pagkatapos mabitay si Hen. Sakay at humupa ang armadong rebelyon. Supling ako sa gitnang saray na hinulma sa loob nga aparatong ideolohikal ng kolonisador. Ipinataw ang wikang Ingles sa iba't

ibang institusyon sa bansa, lalo na sa paaralan at sangay ng gobyerno. Tangka ng bagong panginoon na hubugin ang diwa't kaluluwa ng Filipino upang maging masunuring sabjek ng imperyo. Ang tawag doon ay "pacification."

### *Trayektoryang Pangkaluluwa*

Edukasyon bilang taktika ng pasipikasyon at subordinasyon—ito ang temang sentral ng librong *Mula Tore patungong Palengke*, pinamatnugutan nina Bienvenido Lumbera, Ramon Guillermo at Arnold Alamon. Masinsing tinuligsa nila ang neoliberalismong polisiya ng gobyerno. Sunod-sunuran ang mga opisyal sa dikta ng korporasyong transnasyonal at U.S. monopolyo-kapitalismo na "paigtingin pa ang mga karapatan at imperatibo ng pribadong pag-aari…Ang kasaysayan ng edukasyon sa bansa ay kasaysayan ng pamamayagpag ng elitistang interes" na naglilingkod sa imperyalistang layuning magkamal ng tubo/puhunan (2007, xii-xii). Katotohanan itong hindi matatakpan.

Tatalakayin natin ang ilang motibo ng diskurso nila bilang pagsasanay tungo sa pagbuo ng "makabayan, siyentipiko, at makamasang edukasyon." Ambag ko ito sa kumbersasyon ukol sa pagsikhay at paglinang ng dalumat at kaisipang kontra-gahum.

Magugunita sa araling-pangkasaysayan na ang unang guro ng kolonya ay mga sundalong sanay sa pamamaril at pagtortyur sa mga katutubo. Sumunod ang mga Tomasites. "Civilize them with the Krag," ang islogan noong panahon ng "Filipino-American War" (1899-1913). Bukod sa wikang Ingles, pinalaganap ng burgesya ang pangitaing indibidwalismo, utilitaryanismo, pagsuob sa salapi, atbp. Maagap na naging likas na ugali ito ng mga pribilehiyadong uri, hindi lamang ng ilang pensionadong tinangkilik ng puting administrador. Di maihihiwalay sa buod ng demokrasyang plataporma ng mga mananakop ang ideolohiyang mapanupil. Nakaukit doon ang prinsipyo ng "white supremacy" o kadakilaan ng rasang puti na kaipala'y hinirang ng tadhana na mamumuno sa mga ginaping taong-may-kulay.

Sa pulutong ng mga intelihensiya ng unang Republika, si Apolinario Mabini lamang ang nakapansin ng simulaing umuugit at gumagabay sa bagong misyonaryo. Walang iba kundi ang paglikha ng masunuring subalterno, mapitagang alipin, na magsisilbing empleyado sa Amerikanong negosyo/komersiyo, at sa iba't ibang sangay ng gobyerno. Naisiwalat niya ang motibasyong mapaniil, prehuwisyong rasista, sa tugon niya sa pahayag ng unang Komisyong binuo ni Presidente McKinley noong Abril 1899. Idiniin ni Mabini na ang rasistang udyok ng Norte-Amerikanong Anglo-Saxon ay mabagsik, malupit, at walang pasubali (Mabini 1974, p. 233). Huwag nang banggitin ang seksismong gawi ng patriyarkang pamunuan. Nakapagtataka, bakit hindi ito napansin at sinuri ng mga progresibong intelihensiya? Sapagkat akala nila na ang mga kolonisador ay magiging tapat sa prinsipyong ipinaglaban nina Washington at Jefferson, at itatakwil ang layong lupigin

at apihin ang ibang bayan. Paniniwala ito ng mga radikal na ilustrado, kabilang na si Lope K. Santos sa kaniyang papuri sa demokratikong tendensiya ng mananakop sa nobelang *Banaag at Sikat* (ukol sa kwestiyon ng atitud ni Santos sa U.S., tingnan si Reyes 2010).

Ang sagot dito ay nakasalalay sa masalimuot na usapin sa mekanismo ng ideolohiya at bias nito sa lehitimasyon ng kapangyarihang imperyalista. Kaakibat nito ang usapin ng rebolusyong pangkultura na paglilimiin sa kuro-kurong sumusunod.

### ***Estratehiyang Mapanlinlang***

Nagtagumpay ang aneksasyon ng buong isla at napailalaim tayo sa kapangyarihan ng imperyong monopolyo-kapital. Sa likod ng alok ng "Benevolent Assimilation" ay nakasilid ang paniniwalang "Manifest Destiny' ng lahing Anglo-Saxon ang dominasyon sa mga hamak na bayang itinuring na hindi sibilisado, mala-hayup, at sagayon nararapat itratong alipin/esklabo. Kung paano pumayag tayong maging alipin, kung paano naganap ang "Amerikanisasyon" ng Filipino, ay isang pangyayaring hindi pa masusing nasasaliksik at puspusang nadadalumat.

Isang sulyap lang ang mailalahad dito hinggil sa paraan ng kolonisasyon ng diwa. Nalikha ang "hegemony" o lideratong "moral-intelektwal" ng Amerikanong administrasyon at kawaksing oligarkiya sa panahong sinusugpo ang rebolusyonaryong tropa nina Sakay at ng mga Moro. Nagpatuloy ang makabayang adhikain sa hanay ng mga alagad ng Colorum, kilusang Sakdalista, at iba pang karismatikong grupo. Dahas ang ginamit, kaagapay ng hikayat ng gantimpalang materyal, sampu ng pangakong makakamtan ang maginhawang hanap-buhay, pribilehiyo, yaman, tratong tapat at mapagkalinga. Kombinasyon ng lakas pang-ekonomiya at ideolohiyang liberal ang kinasangkapan sa paghinuhod sa maraming komisyon nina Osmena-Quezon-Roxas na humihingi ng independensiya, hanggang sa makamit ang Commonwealth (1935-46).

Bagamat humupa ang nasyonalistikong kilusan, nananaig pa rin na hangaring bumalikwas at sumalungat. Di naglaon, inagaw iyon sa "pangakong ibibigay ito kung angkop na ang Filipino sa pamamahala-sa-sarili (self-government). Nagpatuloy ang dinastiya batay sa agraryong piyudal at pagpapayaman sa burokratikong operasyon ng mga komprador at militar. Bukod sa wikang Ingles, epektibo ang patriyarkang pamilya at tradisyonal na pananampalataya (Aguilar 1998). Sa pagsuhay sa komersiyalisadong pamumuhay, libreng pakikipagsapalaran, gumagana ang pamilihan, call center, megamall, at paghanap ng trabaho sa abrod. Maraming dilihensiya rin sa raket ng militar at pulis sa gobyerno. Laganap ang korapsiyon at aktibidad ng mga sindikatong kasabwat sa mga espekulatibong pakana ng mga malalaking korporasyong lokal at dayuhan.

***Daya at Pagbabalat-kayo***

Nakabibighani ang bitag ng mananakop. Nagpasikat sila sa pag-angkin na malaya ang lahat sa anumang nais gawin. Bukas ang larangan sa paghahanap ng oportunidad upang itaguyod ang bentahang personal, sariling kapakanan. Lamang—di na dapat ipaalaala—nagtatakda ito ng iyong uring kinabibilangan. Malayang ipagbili ang sarili, malaya ring tanggihan ito o huwag pansinin—ito ang di matatalikdang praktika ng konsumerismo.

Bukod sa eskwela at pamilya, sa pakiwari ko, ang praktika ng pagkagumon sa pamimili ("shopping") ay siyang mabisang paraang ideolohikal ng modernisasyon (Jameson 2009, p. 345-363). Nakatambad ito sa pilosopo ni Adam Smith at "laissez faire" ng mga korporasyong nakikinabang sa "flat world" ng komunikasyon sa Internet, social media, atbp. Patuloy pa rin ito sa neoliberalismong patakarang pasiglain ang indibidwalismo at tuloy sumusugpo sa ating kolektibong pagsusumikap matamo ang tunay na kasarinlan. Patuloy pa rin ang pagsasamantala ng awtokratikong rehimen na mahigpit kasapakat ng kapitalismong global sa pamumuno ng U.S.

Balik-suriin natin ang haypotesis na naitanghal sa una. Ang eskuwelahan, na nakasangkalan sa pamilyang patriyarka at piyudalistikong ugali, ang pinakamabisang instrumento sa pagpapanatili ng ordeng neokolonyal. Ang awtoridad ng guro ay sumasalamin sa awtoridad ng magulang, partikular ang ama. Mabisa pa rin ang iba't ibang ritwal ng pananampalataya. Matalab ang indoktrinasyon ng iba't ibang sektang pundamentalismong ebanghelikal ng Amerika na ipinakalat dito noong administrasyon nina Aquino at Ramos upang kontrahin ang rumaragasang nasyonalistikong kilusan.

Integral ang tungkulin ng paaralan sa pagpapatatag ng ordeng sosyo-politikal. Pagsunod sa batas at matiwasay na kaayusan ang *desideratum* ng mga uring nakikinabang sa kawalan ng hustisya at pagkakapantay-pantay. Walang tunay na demokrasya sa ganitong kalagayan, kung isasakonteksto ang sistemang pang-edukasyon sa kasaysayan ng bansa, maiintindihan na ang pangunahing silbi nito ay iisa: suportahan at palakasin ang umiiral na tagilid at tiwaling kaayusan. Normal na kalakaran ito. Bunsod ito ng tunggalian ng mg auri, sanhi sa di-pantay na dibisyon ng paggawang sosyal at distribusyon ng yamang panlipunan. Ito ang lohika ng komersiyo/merkado, ito ang katuwiran ng neokolonyalismo. Patuloy pa rin ang tungkuling ginagampanan ng lahat ng institusyong pang-edukasyon at kagawarang itinalaga para sa pagsasanay sa mga migranteng magtatrabaho sa ibayong dagat.

Bawat panahon ay may sariling katangian, bukod sa paghuhunos o pag-inog ng klima ng lipunan sa bawat yugto ng kasaysaysan. Hindi lahat ay sumusulong o umuunlad, kadalasa'y nababalaho sa kumunoy ng barbarikong asal. Bagamat naglaho na ang epoka ng "Cold War," alitan ng Komunismo (UnyonSobyet) at "Free World" (U.S.), patuloy pa rin

ang pag-uusig sa mga progresibong kilusan bilang terorista—bagong bansag sa sinumang nagtatanong, tumututol, nagpoprotesta laban sa kalabisan ng mga makapangyarihan. Nakasalig ito sa anti-terrorism law at ahensiyang National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) na instrumento ng pasistang rehimen.

### *Mula't Sapul: Repaso ng Aralin*

Ulitin natin ang pag-usisa sa tumitinding krisis. Sintomas ito na ang liberalismong patakarang pinilit ipatupad ng mga institusyong itinayo ng mga Amerikano ay instrument lamang ng paghaharing bloke ng panginoong may lupa't komprador-burokratikong pamunuan. Halimbawa nito ang sistema ng eleksiyon. Buhat pa noong 1916 Asamblea nina Osmena & Quezon hanggang ngayon, ang mga dinastiya ang may hawak ng kapangyarihang pulitikal, nakasandig sa ahensiyang pang-seguridad (pulisya, militar), at mga kawaning inatasang magmaniobra sa makinarya ng eleksiyon.

Hindi katakataka. Bunga ito ng masugid na paghubog ng kaisipan, sensibilidad, at ugali ng mamamayan sa bisa ng instrumentong pagdisiplina sa ulirat at damdamin, lalo na ang sistema ng eskwelahan. Pangunahing aral na ikinintal ay halaw sa karanasan ng burgesya sa Kanluran at sa pilosopiya ng mapag-aring indibidwalismo (binangsagang "acquisitive, possessive individualism"). Ito ang pangunahing argumento ng klasikong liberalismo: ang lipunan ay binubuo ng mga lumulutang na indibidwal na nagtataguyod ng makasariling interes, walang pakialam sa kapakanan ng lahat. Mapapansin na palpak ang proposisyong ito. Sa katunayan, ang lipunan ay binubuo ng mga uring nagtatag sanhi sa di-pantay na paghahati ng yamang likha ng pagsikhay ng mayoryang naghihirap.

Lumipas na ang epoka ng "laissez-faire," at napawi na rin ang Estadong "welfare." Kontraktwalisasyon o desisyong maging OCW (Overseas Contract Workers) ang pesteng sumasalakay sa mga nawalan ng hanapbuhay. Ang yugto ng neoliberalismong umiiral ngayon ay mabangis na kompetisyon ng mga kapitalistang bansa. Tila bumalik tayo sa sitwasyong inilarawan ni Thomas Hobbes, ang taga-tambuli ng absolutismong awtoridad: ang buhay sa kalikasan ay magiging "solitary, poor, nasty, brutish, and short" (Minogue 1966, p. 56).

Dahas ng Estado ang susing sandatang gamit sa pagsalba sa herarkiyang umiiral. Ang Estado ay kasangkapan ng kapitalistang bloke na taglay ang "hegemony." Tinutukoy rito ang kakayahang ipokus ang lahat ng rekurso sa paglaki ng tubo at pamamayani ng IMF-WB at sistemang pampinansiya na nakapako sa dolyar. Gipit na gipit ang mga bansang atrasado at dominado, tulad ng Pilipinas, na walang industriya't depende sa utang mula sa WB-IMF at organong pampinansiyal, ang "consortium" ng bangko sa Global North (Hildebrand 1991).

Binabago upang manatiling dati—ito ang leksiyong paradoksikal ng agos ng kasaysayan. Isang aral sa diyalektika ng mga kongkretong kontradiksiyon sa lipunan. Lipas na ang "free market economics," pagpapaligsahan ng mga grupo ng korporasyong nakaugat sa estado ng industriyalisadong bansa. Gayunpaman, nariyan pa rin ang lumang kaisipang kinakasangkapan ng makapangyarihang sektor ng kapitalismong global upang mapangalagaan ang malaking tubong inaani mula sa sinasamantalang mayorya ng Global South. Walang lubay ang pagtatagisan ng kapitalistang bansa hanggang hindi nawawasak ang mismong batayan ng paghahating pang-uri: ang pribadong pag-aari ng mga produktibong kagamitan, partikular ang lakas-paggawa ng proletaryado.

### *Kontekstwalisasyon*

Mabuting itala na ang paglulunsad ng mga librong nabanggit ay naganap sa gitna ng malalang gulo sa daidig. Naturol na sa simula ang pagbabalik ng U.S. base militar (DeYoung & Tan 2023; Rogin 2023). Sakop pa rin tayo bilang neokolonya ng U.S. sa gitna ng isang malubhang krisis ng kapitalismong global. Matinding pagtatagisan ng mga kapitalistang poder—U.S., Tsina, Rusya, at EU (NATO)—ang siyang lumiligalig sa buong daigdig at sadyang sumisira sa ekolohiya ng buong planeta. Sumuko ang U.S. sa Afghanistan habang inumpisahan ang gera sa Ukraine at paghahanda ng pakikihamok sa Tsina. Patuloy ang gulo sa Somalia, Sudan, Palestine, atbp. Umiigting ang mapanganib na away ng U.S., Tsina, Ruso, Iran, atbp., sa kasagsagan ng krisis (Bruin 1999; Falk 2022).

Lumilitaw na hindi pa laos ang turo ni Lenin sa kaniyang "Imperialism, the Highest Stage of Capitalism" (1971). Naglalaban ang mga bansa sa pagkontrol sa hilaw na materyales (tulad ng langis, gas, mineral na kailangan sa mga kompyuter, atbp), pagdominasyon sa merkado at komersyo, at pagdikta sa sirkulasyon ng lakas-paggawa (binansagang "human resources"). Tumitingkad ang kontradiksiyon sa pagitan ng Europa at Amerika, Ruso at Tsina. Mabagsik pa rin ang imperyalismong U.S. na nagbabantang lusubin at sakupin ang bansang Venezuela at Cuba (kaugnay sa Tsina) tulad ng panghihimasok nila sa maraming bansa sa Timog Amerika, sa Middle East, sa Aprika, atbp. Palaging nalulugami ang mga bansang "third world," sinasamantala ang kanilang pangangailangang mabuhay habang lalong baon sa utang.

Nasa mapanganib na krisis rin ang ating bansa. Ang usapin ng edukasyon—anong mabuting uri ng edukasyon ang dapat nating paunlarin o palusugin?—ay hindi maihihiwalay sa sitwasyong pang-ekonomiya't pulitika ng buong bansa sa gitna ng tunggaliang internasyonal. Masigasig ang paggamit ng Estado at mga ahensiya nito (armi, pulisya, hukuman, Internet) upang itaguyod ang interes ng iilan—sa balat-kayo ng "war on drugs." Dahas, pandaraya, ipokrisya ang namamayani. Aktibong konsumerismong hilig at mahinahong saloobin ang ipinapalaganap. Magkatuwang na agresibo/pasibo ang epekto

ng pasipikasyong nasuri na. Unawain ang tagubilin ng mga guro: tanggapin ang awtoridad ng Estado, huwag sawayin o labagin ang utos ng makapangyarihan, ipagpaubaya ang pangangasiwa ng iyong buhay sa naghaharing pangkat ng mayayaman. Sa ultimong pagtatasa, tinatratong hayup na kumakain at nagpapahingalay ang bawat mamamayan.

Sa lipunang malalim ang dibisyon ng mga uri, hiwa-hiwalay ang aktibidad ng tao, mabigat ang alyenasyon at pragmentasyon. Klasikong sintomas ng pangungulila, droga, karahasan, "mass shooting, krimen, atbp., ang lumiligalig sa buong lipunan. Ang kampanya laban sa droga, dagdag ang korapsyon ng burokrasya (militar, pulisya), ay tanda ng kabulukan ng ideolohiyang "free market" at kaniya-kaniyang kahig. Ang di-umano'y demokrasyang pinupuri ay kinulapulan ng mapagsariling paniniwala't kilos para sa interes ng ilang angkan at alipores nila. Magkasanib ito sa pagsawata sa mga progresibong kaisipan at praktikang nagbubunyag ng katotohanan. Ano ang dapat gawin?

### *Hudyat ng Propetikong Dalumat*

Ang sangay ng edukasyon—eskwela, lalo na ang pamantasan—ay kritikal sa paglikha ng makatwirang sabjek. Hinirang ito ng sinaunang kabihasnan (klasikang Gresya, Renaissance, Enlightenment sa Europa) na magsiyasat at magturo ng paraang maisasaayos ang kakayahan at kagalingan ng bawat nilalang. Sa aralin sa pamantasan, mapag-uusapan sa rasyonal na proseso, sa makatwirang balangkas ng argumento at komunikasyon, ang paraan ng pag-unlad ng kabatiran at ang paggamit nito sa ikabubuti ng tao at lipunan (tingnansiWhitehead 1929). Sa tradisyong humantong kay Thomas Aquinas (mula sa pilosopiya nina Aristotle at San Agustin) at sa kaisipang bumukal sa rebolusyon sa Pransiya, sumilang ang burgesyang pananaw. Ang bersyon ng makatwirang pakikipagtalastasan o panunuring rasyonal ay hinasa sa unibersidad at pinagyaman sa disiplina ng agham pang-kalikasan.

Ang edukasyong makaliberal na itinayo sa atin ay nakasalig sa tradisyon ng Enlightenment (Kant, Locke). Hinaluan ang kontrata sosyal ng Puritanismong moralidad. Isinadibdib ang mga prinsipyo ng Enlightenment nina Rizal, Del Pilar, Bonifacio, Jacinto, Mabini, Isabelo de los Reyes, at mga unyonista. Nakaabot sina Darwin, Bakunin, Marx, at Engels sa mga kasamang Isabelo de los Reyes, Lope K. Santos, Crisanto Evangelista, Pedro Abad Santos, Angel Baking, at Renato Constantino. Nagkaroon ng kaunting pagsasanay sa diyalektikang proseso ng analisis, pero kagyat nabalutan ng utilitaryanismong hilig ng mga komersiyante't mamumuhunan.

Sa malas, bihirang nasanay ang mga mag-aaral sa aksyom ni Kant: "Magpunyaging mag-isip upang maging malaya at hindi maakay o sumangkalan sa iba." Komadrona ito sa pagsilang ng burgesyang sabjek sa publikong espero. Pero nanaig pa rin ang piyudalistikong

kaugalian. Hanggang ngayon, ang ideyal ng "efficiency" at pragmatismong makitid na iginigiit ng Departamento ng Edukasyon ay nakatugma sa gawaing pangnegosyo, lubog sa pagkahumaling sa komoditi-petisismong kinatawan ng milyung-milyong OFW.

Pasipikasyon pa rin, ngunit angkop sa alanganing lagay ng konsumeristang "life-style." Malaon nang naipagtibay ang proposisyon na ang edukasyong neokolonyal ay konserbatibong paraan sa pagpapanatili ng herarkiya ng dibisyon ng trabaho—samakatwid, ang kalakaran ng awtokratikong paghahari ng kapitalistang poder (Bowles & Gintis 1976; Bourdieu 1974). Hindi na natin dapat ulitin ito, bagamat magkahalong tendensiyang progresibo't reaksyonaryo ang nagtatagisan.

Malayo na rin ang narating ng progresibong kilusan sa edukasyon mula pa sa integrasyon ng paaralan sa komunidad na susog ni John Dewey hanggang sa praktika ni Paulo Freire at "critical pedagogy' ng mga radikal na guro sa Kanluran (Giroux 2023, McLaren 2015, Ford 2023). Dapat hindi na sundin ang "banking" metodo ng pag-aaral na masugid naibinulgar ni Freire (1985). Susog ni Freire na baguhin ang lumang metodo upang maging aksiyong pangkulturang taglay ang oryentasyong mapagpalaya. Hindi maibubukod ang proseso ng pagkatuto sa larangan ng politikang pangkultura.

Nakapako pa rin ang edukasyong pinaiiral sa empirisismong mana kina Locke, Malthus, at doktrina ng "free enterprise". Bangkarote na ang pananaw na ito pagkaraan ng tuklas nina Thomas Kuhn (1962) at iba pang pantas hinggil sa paradigm-shift at istrukturalistang analisis ng ekonomiyang pampulitika. Pinakamahalagang aralin ang pagbuo ng mga konsepto at diyalektikang paghinuha, kalangkap ng "hypothesis formation", at pagsubok sa ebidensiyang magpapatunay o magpapasinungaling sa anumang haypotesis (San Juan, *Peirce's Pragmaticism*, 2022). Ito ang paraan ng imbestigasyong siyentipiko na bukas sa eksperimental na pagtimbang, pagsulit, pagtatasa.

## ***Panukalang MakaTomistiko***

Dumako tayo sa ugnayan ng etika ng edukasyon at lipunan. Ayon kay Alasdair MacIntyre (1990), walang konsensus ang mga komunidad sa imbestigasyon tungkol sa halaga at kabutihang hinahangad. Walang kausunduan sa istandard o pamantayang maghahatol kung tama o mali ang mga argumentong sinusunod ng mga usaping moral. Sa kuro-kuro ni MacIntyre, watak-watak ang mga paksang sinasaliksik at hinihimay. Walang kasunduang mapagkayarian (saksi si Hedges 2022). Sabog ang layon o adhikaing gumagabay sa mga partisano ng samut-saring pananaw. Puna ni McIntyre na hindi binibigyan ng sapat na pagkakataon sa mga pamantasan ang mga ibang paniniwala't punto-de-bista na sumasalungat sa establesidong pananaw, tulad ng "Thomistic tradition" at "Nietzschean genealogy," sampu ng pagtatagisan ng mga ito. Halimbawa, ang tema

hinggil sa katotohanan at realidad, o ang pagtatalo hinggil sa pagkakaiba ng mga haka-haka ukol sa sarili/identidad at posisyon nito sa totalidad ng relasyong panlipunan.

Pakiwari ko, may simulakra ng pluralismo ang edukasyon sa Kanluran at sa atin. Gayunpaman, nangingibabaw ang instrumentalismong pananaw na kalakip ng indibidwalismong sumusuhay sa komersiyo, lohika ng tubuan ng kapital, pagpapalitan ng produkto, "cash-nexus." Hanggang hindi lumalabag dito, puwede kayong umisip ng anuman—ipagbunyi sina Nietzsche, Bakunin, Che Guevarra, Foucault, Warren Buffet, Donald Trump, atbp.

Dagdag ni MacIntyre sa kaniyang diskurso, *Three Rival Versions of Moral Enquiry:* "There are rival narratives of how the self acts either in recognizing its telos or in seeing through and discrediting any notion of telos; and inseparable from these three [topics referred to above] are rival conceptions of human goods and how and if they are ordered" (1990  p. 239). Mungkahi ni McIntyre na paglimiin natin ang proposisyong ito: "the university as a place of constrained disagreement, of imposed participation in conflict, in which a central responsibility of higher education would be to initiate students in conflict" (1990, p. 230-31). Sa ibang salita, nais ni McIntyre na ipasok ang debate ng mga nagkakatalong pangitain-sa-mundo/ideolohiya—ang Encyclopedist, Genealogical, at Tomistikong tradisyon—na minana sa pagsulong ng kabihasnang Judaeo-Romano sa Europa.

Ang sitwasyong inilarawan ni MacIntyre ay bunga ng kapitalismong globalisasyon di lamang sa Kanluran kundi sa buong mundo. Ang tinaguriang "pluralism" ay bumabandila ng "free market of Ideas" na plataporma ng hegemonyang burgis, nabulto ng ilusyong tiwalag sa material na produksiyon at reproduksiyon ng lipunan. Maipapalagay na ito ang postmodernistang bersyon ng neoliberalismong nahubaran ng alibi at nagsisilbing apolohiya para sa giyerang imperyalistang umaalimbukay sa iba't ibang lupalop ng daigdig.

Makatuturan bang ilapat ang mungkahi ni McIntyre sa ating kalagayan? Sa palagay ko, dapat isaalang-alang ang kolonisadong kasaysayan ng ating bayan. Dapat matalos ang maigting na pagpupunyaging matamo ang kalayaan at kasarinlan, ang pagsulong ng ating kabihasnan at pagkatao.

Sa pagkilatis ko, hindi makagpareho ang tatlong daluyan ng kaisipang dinaliri ni MacIntyre. Una, ang Tomistikong tradisyon ay nakaangkla pa rin sa Encyclopedist o siyentipikong bugso ng kaisipan na itinaguyod ng positibistikong pilosopya. Sa kabilang dako, ang perspektibang Genealogical ay bihirang matagpuan sa neokolonyang orden. Bukod sa postmodernong dalubhasa sa sosyolohiya o antropolohiya, ang tapat na disipulo ni Nietzsche—sina Duterte at mga kriminal ng sindikato? Ungkatin kung "will to power" at *Ubermensch* ang islogan nila.

Sa katunayan, si S.P. Lopez marahil ang kauna-unahang Filipinong nagsulat ng disertasyon tungkol kay Nietzsche noong dekada 1930. Hindi relatibistiko kundi historiko-materyalistiko ang kredo ni Lopez nang sulatin niya ang *Literature and Society* (1940). Walang larangan sa publikong kapantay ang nagbubungguang pananaw na dapat suriin at hatulan sa harap ng karnabal ng mga halu-halong "lifestyles" o "performative acts." Sa tingin ko, hindi matatalikdan sa anumang kritika ang bisa ng produktibong relasyong panlipunan sa pagpapahalaga ng iba't ibang daloy ng normatibong pamantayan.

### *Naratibo ng Kongkretong Sitwasyon*

Sa pagkakataong ito, nais kong ulitin na ang kailangan ay isang historiko-materyalistikong paglagom sa ating karanasan bilang bayang nakasadlak pa sa pagkalugami. Hindi pa natin dama na tayo ay isang kolektibong pwersang lumilikha, yumayari, pumapanday ng sariling kinabukasan. Pagnilayin natin ang turo ni Marx sa "Theses on Feuerbach" na konsiderahin ang praktikang maramdamin ("sensuous practice") ng indibidwal na pangunahing saligan ng anumang proyektong baguhin ang mundo. Dapat iwaksi ang makitid na empirisistikong dalumat at laging isakonteksto sa kasaysayan ang anumang kilos, gawa, o praktika. Ang lipunan ay ugnayan ng mga uri o pangkat, hindi ng mga lumulutang na kaluluwa. Sa ultimong analisis, walang nag-iisang indibidwal na taglay ang makabuluhang identidad na hiwalay sa kinalalagyan sa isang tiyak na puwesto sa kasaysayan ng lipunan.

Binigyan ito ng masustansiyang pag-aaral ni Antonio Gramsci. Sa Gresya, ang panuntunan sa agham ay "Know thyself" o "Pagkaalamin o tarukin mo ang iyong sarili." Subalit ano itong konsepto ng sarili sa modernong epoka, tanong ni Gramsci. Hindi ba ito kalipunan ng sapin-saping kodigo at bunton ng senyas kung saan ang susi ay nawala at dapat hanapin o gumawa ng panibagong susi: "The starting-point of critical elaboration is the consciousness of what one really is, so that 'knowing thyself' is a product of the historical processes to date, which has deposited in you an infinity of traces, witthout leaving an inventory. Therefore, it is imperative at the outset to compile such an inventory" (1971, p. 324). Kung walang imbentaryo ng ating hulmahan, nalunod na tayo sa "morbid symptoms" na bunga ng krisis, sa pagitan ng nagunaw na daigdig at mundong sumisibol sa madugong kalakaran. Nabulusok tayo sa malagim na bangin ng nakalipas at dumarating.

Ang proseso ng pag-analisis kung anong mga pwersang historikal ang humubog sa ating karakter, at sa ating sosyedad, ay tinawag ni Freire na "conscientisacion" (1985, 67-69). Tinutukoy rito ang pag-uugnay ng kamalayan at praktika, ng isip at gawa, sa kolektibong kilusan upang mabago ang ating kapaligiran. Nailatag nito sa konseptong transpormatibong "praxis," ang sintesis na ipinahiwatig ni Mabini sa epigrapo. Ito rin ang binansagang "Cultural Revolution" sa Tsina noong dekada 1960, kaalinsabay ng 1968 Paris "uprising," at ang ating 1970 "First Quarter Storm."

Sa mga postmodernistang akademiko, ang ideya ng "rebolusyong pangkultura" ay walang-kuwentang basura. Pinalitan ng vogue ng "globalization," na katumbas ng Disneyfication ng buong mundo. "Globality" raw ang uso, samantalang "globalisasyon" ang patakaran ng mga manedyer ng IMF-WB-WTO at programa ng imperyalismong U.S.

### *Bugso ng Kaluluwang Naghunos*

Ang kultura ay hindi isang tambak ng mga samut-saring bagay—musika, libro, pintura, atbp., na maisasaulo at maaaring "regurgitate" upang pumasa sa eksamin o makalusot sa interbyu para magtrabaho. Ang kultura, ayon kay Gramsci, ay hindi maalikabok na imbentaryo ng datos, petsa, impormasyong hango sa encyclopedia, *Wikipedia*, *Google,* o aklatan. Marami ang nagpapasikat na memoryado nila ang maraming detalya ng anumang bagay, mga istadistika o *factoid* na mapupulot sa *encyclopedia*. Inimbento nina Diderot at Voltaire iyon upang lunasan ang kamuwangang ipinamarali ng Simbahannoong Medya Siglo at saatinmula 1600 hanggang ngayon. Ito'y isa na naming kabulastugang pakana ng maka-bangkong sistema ng pag-aaral na kinondena ni Freire. Batay ito sa lohika ng pamilihan/palengke kung saan akumulasyon ng tubo ang nais ng negosyante, at akumulasyon ng mabibili upang maiangat ang istatus at magkamal ng pribilehiyo.

Kaiba ang dalumat ni Gramsci sa kultura. Ang kultura ay organisasyon, disiplina ng saloobin, matinong pagpapasiya. Iyon ay pagkasapul sa direksiyong gumagabay at umuugit sa ating pagkatao. Nangangahulugan iyon ng isang matalas na kabatiran o pagkaalam ng ating halaga bilang tao sa kasaysayan, ang katungkulan natin sa buhay, pagkaunawa sa ating karapatan at obligasyon. Sa buod, ang kultura ay pag-aruga at pagkalinga sa ating kamalayang pangkasaysayan—"historical awareness." Tumutukoy iyon sa isang sensibilidad na sensitibo sa daloy ng mga pangyayari, hindi lamang ng aring sariling kamalayan kundi ng ating lugar at partisipasyon sa tiyak na mga sagupaang multisekstoral sa ating lipunan. Matatagpuan ang kabatirang ito sa mga naratibo ng ating paglalakbay na binabalangkas natin habang tayo'y lumalahok sa pakikibaka tungo sa pagtatamo ng hustisya at awtentikong soberanya.

### *Pasinaya sa Himagsikang Pangkultura*

Sa huling pagtutuos, ang rebolusyong pangkultura na umiinog sa bawat sandali ay saksi sa kagalingan o kakulangan ng ating edukasyon—ang paghugot (*educere*, sa Latin) ng galing mula sa ating likas na potensiyal. Mithiin ng edukasyon ang paglinang ng kapangyarihang likas sa tao bilang hayup na may rason at imahinasyong magmapa ng mga bagong daigdig, bagong proyekto, mula sa kinagisnang sibilisasyon. Salungguhitan natin ang prinsipyo ng posibilidad, ang birtud ng kinabuksan, ang katuturan ng pag-asa. Walang

katapusan itong materyal na pakikipagsapalaran ng Espiritung sekular ng sangkatauhan—habang ang planeta ay hindi pa nadudurog at nawawasak ng kapitalismong global.

Sa paglagom, ang nais kong ipahatid dito ay maikikintal sa isang talata. Tingnan natin ang sarili bilang produkto ng masalimuot na pwersa sa kasaysayan. Maraming bagay ang nagkasalok upang yumari ng ating pagkatao, malay, dalumat, budhi. Upang mabatid kung sino tayo at saan tayo pupunta, kailangang bumalangkas ng imbentaryo o tala ng mga elemento at sangkap na, sa iba't ibang kongkretong yugto ng ating buhay, ay siyang humugis at nagbigay-anyo o kahulugan sa ating pagkatao at sensibilidad. Ito dapat ang layon ng edukasyon saan mang lugar—ang pagdukal sa konsiyentisadong ulirat sa loob o labas ng pormal na institusyon ng eskwela. Imbokasyon ito na itaguyod natin ang rebolusyong cultural sa bawat sandali sa sinapupupunan ng mapagpalang komunidad.

Huling paggunita: Tayo ay komunidad ng mga biktima na may gunita at pananagutan, isang kolektibong ahensiyang responsable sa sangkatauhan. Sa turing ng mga dayuhan, tayo ay natatanging bansa sa Asya na taglay ang mahaba't matibay na rebolusyonaryong tradisyon. Pambihirang katangian. Ipagkapuri natin ito sa paraan ng pagtuklas at paglinang sa posisyon natin sa lipunan, sa ating karapatan at tungkulin, at kung ano ang ating maihahandog bilang tulong sa pagkamit ng kalayaan, kasarinlan at kabutihan ng lahat. Simpleng habilin, kumplikadong asignatura, isang hamong hindi ka pababayaan at, sa dulo ng pakikibaka, hindi ka makakalimutang panagutin.

## SANGGUNIAN

Agoncillo, Teodoro & Milagros Guerrero. 1970. *History of the Filipino People,* Quezon City: R.P. Garcia Publishing Co.

Aguilar, Delia. 1998. *Toward a Nationalist Feminism.* Quezon City: Giraffe Press.

Blum, William. 2005. *Rogue State*. Monroe, Maine: Common Courage Press.

BourdieU, Pierre, 1974. "The School as a Conservative Force." *Contemporary Research in the Sociology of Education*, ed. J. Eggleston. London: Methuen.

Bowles, S. & H. Gintis. 1976. *Schooling in Capitalist America.* London: Routledge and Paul.

Bruin, Janet, 1999. "Global Crisis at the End of the Twentieth Century." *Institute of Political Economy Journals*. No. 21. Manila: IPE.

Constantino, Renato. 1966. "The Mis-Education of the Filipino." *The Filipinos in the Philippines and Other Essays*. Quezon City: Filipino Signatures.

DeYoung, Karen & Rebecca Tan. 2023. "U.S. readies military base deal in the Philippines." *The Washington Post* (Feb. 3): A10.

Eadie, Pauline. 2005. *Poverty and the Critical Security* Agenda. London: Ashgate.

Falk, Richard, 2022, "The Worst Is Yet to Come When the Center Does not Hold." *Counterpunch* (July 15). Web.

Ford, Derek, 2023. *Teaching the Actuality of Revolution*. Madison, WI: Iskra Books

Freire, Paulo. 1985. *The Politics of Education*. Mass: Bergin & Garvey.

Giroux, Henry. 2023. "Gangster Capitalism and the Politics of Fascist Education." *Counerpunch* (June 5).

Gramsci, Antonio. 1971. *Selections from the Prison Notebooks*. New York: International Publishers.

Hedges, Chris. 2022. "The Global Ruling Class, Endless War, and the Culture of Mass Death." *Countercurrents* (June). https://countercurrents.org/2022/06/the-global-ruling-class-govern-without-accountability/

Hildebrand, Dale. 1991. *To Pay is to Die: The Philippine Foreign Debt Crisis.* Davao City: Philippine International Forum.

Jameson, Fredric. 2009. *Valences of the Dialectic.* New York: Verso.

Kuhn, Thomas. 1962. *The Structure of Scientific Revolutions.* Chicago: University of Chicago Press.

Lenin, Vladimir. 1971. *Selected Works*. New York: International Publishers.

Lumbera, Bienvenido, Ramon Guillermo, Arnold Alamon, pat. 2007. *Mula Torre patungong Palengke.* Quezon City: IBON.

Mabini, Apolinario.1974. "The Struggle for Freedom." *In Filipino Nationalism 1872. 1970*, ed. Teodoro Agoncillo. Quezon City: R.P. Garcia Publishing Co.

——. 2015. *Ang Rebolusyong Filipino*. Salin ni Michael Coroza. Metro Manila: Aklat ng Bayan.

MacIntyre, Alastair. 1990. *Three Rival Versions of Moral Inquiry.* Notre Dame, Ind.: University of Notre Dame.

McLaren, Peter. 2015. *The Pedagogy of Insurrection*. New York: Peter Lang.

Minogue, K. R. 1966. "Thomas Hobbes and the Philosophy of Absolutism." In *Political Ideas* ed. David Thomson. Middlesex, UK: Penguin Books.

Punongbayan, J.C. 2023. "The economy during Marcos' first year." Rappler (3 June). www.rappler.com/voices/thought-leaders/analysis-philippine-economy/.

Reyes, Maria Luisa Torres. 2010. *Banaag at Sikat: Metakritisismo at Antolohiya*. Metro Manila: National Commission for Culture and the Arts.

Rogin. Josh. 2023. "Asian powers are quietly joining forces to confront China." *Washington Post* (June 23): A17.

San Juan, E. 2018. "Foreword"to Roland Simbulan, *A Liberating Education for Filipinos.* Quezon City: Center for the Study of Social Change. Quezon City: Pantax Press.

—-. 2022. *Maelstrom Over the Killing Fields*. Quezon City:

Schirmer, Daniel and Stephen Shalom. 1987. The Philippines Reader. Boston: Southend Press.

Whitehead, Alfred North, 1929. *The Aims of Education*. New York: The New American Library,

Woddis, Jack. 1967. *Introduction to Neo-Colonialism*, New York: International Publishers,

**ABOUT THE AUTHOR:**

**E. SAN JUAN, JR.,** emeritus professor of Comparative Literature, University of Conneticut, was a fellow of the W.E.B. Du Bois Institute, Harvard University, and Fulbright professor of American Studies, Leuven University, Belgium. His book of criticism, *Faustino Aguilar: Kapangyarihan,Kamalayan, Kasaysayan* (U.S.T. Press) recently won an award from the National Book Development Board. His recent works are *Maelstrom over the Killing Fields: Interventions into the Project of National-Democratic Liberation* (Pantax Press/Popular Book Store, Quezon City) and *Peirce's Pragmaticism: A Radical Perspective* (Lexington Books, New York).